

Masusing Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan

Ika-8 Baitang

I. Layunin

Sa araling ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. Nakapagsasabi ng dahilan at epekto ng unang yugto ng Imperyalismo at Kolonyalismo.
2. Naipapaliwanag ang iba't ibang katanungan na may kaugnayan sa Kolonyalismo..
3. Nakapagbubuo ng isang dula, slogan at larawan tungkol sa epekto ng Kolonyalismo sa mundo.

II. Paksang Aralin

Paksa: Dahilan at Epekto ng Unang Yugto ng Imperyalismo at Kolonyalismo

Sanggunian: Kayamanan III: Kasaysayan ng Mundo nina Celia D. Soriano, Eleanor D. Antonio, Evangeline M. Dallo, Consuela M. Imperial at Ma. Carmelita D. Samson; Pahina 192-202

Kagamitan: Laptop, projector, cartolina, manila paper, marker at speaker

Integrasyon: Mapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral sa sinaunang mundo.

III. Pamamaraan

Gawain ng Guro

Gawain ng Mag-aaral

A. Paunang Gawain

1. Pambungad na Panalangin

Ang lahat ng mag-aaral ay magsitayo para sa ating panalangin.

Mag-aaral A, maaari mo bang pangunahan ang ating panalangin.

Sa ngalan ng ama, ng anak at espiritu santo. Amen.
Ama maraming salamat po sa lahat ng biyayang ipinagkaloob nyo sa amin, gabayan nyo po kami sa lahat ng mga bagay na aming gagawin. Ama, bigyan nyo po kami ng lakas ng loob na magawa ang aming mga tungkulin, bigyan nyo po kami ng sapat na kaalaman na maaari naming ibahagi sa aming kapwa. Ang lahat ng papuri ay sa iyo aming panginoon.

Sa ngalan ng ama, ng anak at espiritu santo. Amen.

2. Pagbati

Magandang umaga sa inyong lahat.

Makikipulot ng mga basura sa ilalim ng inyong lamesa at upuan.
Maaari na kayong umupo.

Magandang umaga rin po.

Salamat po.

3. Pagtatala ng Liban

Mayroon bang liban sa araw na ito?

Magaling!

Wala pong liban sa araw na ito.

4. Trivia

Bibigyan ko kayo ng trivia tungkol sa sinaunang mundo.
Handa na ba kayong makinig?

Opo Sir.



Alam nyo ba na ang sinaunang mundo ay nakikila sa kalaunang klasikal at sa gitnang panahon sa Europa na ang mundo ay binubuo lamang ng tatlong kontinente. Ito ay ang Aprika, Asya at Europa na nakilala bilang Apro-Eurasya kapag pinagsama-sama. Ngunit ng dahil sa manggagalugad ay unti-unting natuklasan ang tunay na heograpiya ng mundo.

Sana kayo ay may natutunan sa aking Trivia sa araw na ito.

5. Balik-Aral

Magbalik aral muna tayo.
Ano ang tinalakay natin kahapon?

Mag-aaral B.

Sir, ang atin pong tinalakay kahapon ay tungkol sa Bourgeoisie at Merkantilismo.

Magaling!
Ano ang ibig sabihin ng Bourgeoisie?

Mag-aaral C.

Ito po ay tumutukoy sa mga malalayang tao sa mga bayan sa Europa noong Gitnang Panahon.

Magaling!
Ano naman ang ibig sabihin ng Merkantilismo?

Ito po ay isang patakarang pang-ekonomiya na umiiral sa Europa noong ika-16 siglo hanggang ika-18 na siglo.

Magaling!

6. Paganyak

Ngayon, may inihanda akong gawain. May isa akong katanungan at ito ay inyong sasagutan sa kalahating papel. Bibigyan ko kayo ng

dalawang minuto para masagutan ang aking katanungan.
Maliwanag ba?

Opo Sir.

Ito ang aking katanungan, Nabubuhay ka noong 1430. Nakatayo ka sa isa sa daungan sa Portugal at ikaw ay malalim na nakatitig sa malawak ng Atlantic Ocean. Ikaw, tulad sa nasabing panahon ay walang ideya kung ano ang makikita sa ibayo ng dagat. Ngayon ay nagkaroon ka ng pagkakataon malaman dahil nahilingan kang sumama sa isang ekspedisyon. Narinig mo ang mga nakakatakot na kwento tungkol sa Sea monster at sa mga malalaking alon sa gawi ng Kanlurang Africa na lubhang mapanganib at wala pang barkong bumabalik kapag napadaan dito. Narinig mo rin ang maaaring matamo sa panggagalugad ng bagong lupain. Sumigaw na ang Kapitan na "SAKAY NA, AALIS NA TAYO". Kailangan mo ng magdesisyon. Sasama ka ba? Bakit?

Maaari nyo ng sagutan ang aking katanungan.

(Makalipas ang dalawang minuto)
Ang inyong dalawang minuto ay tapos na. Pipili ako ng 3 mula sa inyo at sa mga mapipili, kailangan ninyong ibahagi ang inyong kasagutan.

Sina Mag-aaral D,E at F ang magbabahagi ng kanilang sagot.

Unahin natin si Mag-aaral D, ano ang iyong kasagutan?

Sir sasama po ako, dahil gusto ko pong makita kung anong meron sa ibayo ng dagat.

Salamat, Mag-aaral D.
Sunod, Mag-aaral E ano ang iyong naging sagot?

Sir hindi po ako sasama, dahil maaaring hindi na ako makabalik sa Portugal dahil sa sinasabing sea monster at malalaking alon.

Salamat, Mag-aaral E.
Mag-aaral F, ano naman ang iyong naging kasagutan?

Sir ako po ay sasama, dahil gusto kong makita kung anong meron sa labas ng Portugal at gusto ko rin pong mapatunayan kung totoo ba ang kwento tungkol sa sea monster.

Salamat, Mag-aaral F.
Bigyan natin sila ng tatlong palakpak.

Makikipasa pauna ng inyong mga kalahating papel.

Class! Bago nila naisipang manggalugad ng mga lupain, meron silang mga instrumentong nabuo para sa nabigasyon, meron rin silang naging iba't ibang dahilan kung bakit ginusto nilang makarating sa iba't ibang lugar sa labas ng Europa. Ngayon, nais kong ipaalam sa inyo na may kinalaman dito ang ating susunod na gawain.

B. Pag-unlad ng Gawain

1. Aktibiti/Gawain

Para sa ating pangalawang gawain. Hahatiin ko kayo sa tatlong grupo.

Para sa mga mag-aaral na nasa first row kayo ang Group 1.

Para sa mga nasa second row kayo ang Group 2.

Para sa mga nasa third/last row kayo ang Group 3.

Ngayong kayo ay may grupo na, tayo'y magsimula na. Ako ay may hawak na tatlong pirasong papel. Kailangan nyong pumili ng isang representative na pupunta dito sa unahan para bumunot ng inyong gagawin.

Nakapili na ba kayo?

Tinatawagan ko ang representative ng bawat grupo na pumunta dito sa unahan at bumunot ng inyong magiging gawain.

Maaari na kayong bumalik sa inyong grupo.

Group 1, ano ang inyong nabunot na gawain?

Group 2, ano ang inyong nabunot na gawain?

Group 3, ano ang inyong nabunot na gawain?

Meron lamang kayong 3 minuto para gawin, pag-isipan at pag-aralan ang inyong nabunot na gawain. Ito ang inyong kagamitan. Maaari na kayong magsimula.

(Pagkatapos ng 3 minuto)

Opo Sir.

Ang amin pong nabunot na gawain ay “Buuin ang isang jigsaw puzzle at ibigay ang inyong ideya sa inyong nabuo.”

Ang amin pong nabunot na gawain ay “Sagutin ang katanungang ibibigay ng guro.”

Ang amin pong nabunot na gawain ay “Magbigay ng ideya sa mga larawang ibibigay ng guro.”

Ang inyong 3 minuto ay tapos na. Bago kayo magpaliwanag nais ko munang ipaalam na ang bawat grupo ay makatatanggap ng puntos na idadagdag sa inyong pagsusulit mamaya.

Points	Descriptions
5 points	Para sa grupong may pagtutulungan, nakapagpakita ng kabutihang asal sa oras ng gawain at nakapagbigay ng magandang paliwanag sa kanilang ginawa.
4 points	Para sa grupong may pagtutulungan at nakapagpakita ng kabutihang asal sa oras ng gawain.
2 points	Para sa grupong walang pagkakaisa at maiingay.

Maliwanag?

Group 1, maaari nyo ng ipakita ang inyong nabuo at ibigay ang inyong ideya.

Opo Sir.



Ang amin pong nabuo ay mga kagamitang ginamit noong unang panahon sa panggagalugad.

Magaling! Group 1.
Bigyan natin sila ng tatlong palakpak.

Atin namang pakinggan ang ideya ng Group 2 sa aking katanungang ibinigay sa kanila..

What is 3G "God, Gold & Glory"?

Ang 3G pong ito ay ang pangunahing dahilan ng mga Europeo kung bakit nila ginustong makarating sa mga lupain sa labas ng Europa.

Magaling! Group 2.
Bigyan natin sila ng tatlong palakpak.


Group 3, maaari nyo ng ibigay ang inyong mga ideya sa mga larawang ibinigay ko sa inyo.

Unang larawan



Ito po ay tungkol sa pakikipagkilala ng mga Europeo sa mga taong naninirahan sa mga dayuhang.

Pangalawang larawan



Ito po ay tungkol sa pagpapakilala at pagpapakalat ng Kristiyanismo.

Huling Larawan



Ito po ay tungkol sa paghaharap ng mga katutubo at mga Europeo.

Magaling! Group 3.
Bigyan natin sila ng tatlong palakpak.

Dahil sa lahat kayo ay may pagtutulungan at nagpakita ng kabutihang asal sa oras ng gawain, ang Group ___ ay nakakuha ng 5 points at ang Group ___ at Group ___ ay nakakuha ng 4 points.

2. Analisis

Ang ating ginawang gawain ay may kinalaman sa tatalakayin natin ngayon. Ito ay tungkol sa "Dahilan at Epekto ng Imperyalismo at Kolonyalismo".

Ano ba ang Imperyalismo?

Mag-aaral G.

Sir ang imperyalismo ay isang paraan ng pamamahala ng isang makapangyarihang bansa sa isa pang bansa.

Magaling!

Ang imperyalismo ay isang batas o paraan ng pamamahala kung saan ang malalaki o makapangyarihang bansa ang naghahangad upang palawakin ang kanilang kapangyarihan sa pamamagitan ng pagsakop o paglulunsad ng mga taban o control na pangkabuhayan at pampolitika sa ibabaw ng ibang mga bansa.

Ano naman ang Kolonyalismo?

Mag-aaral H.

Sir, ang kolonyalismo ay ang pananakop ng isang dayuhang lupaun.

Magaling!

Ang kolonyalismo ay ang pagtatag ng permanenteng paninirahan (Kolonya) sa mga dayuhang lupain.

Mayroon tayong mga Dahilan ng Pangagalugad at Pananakop.



Una, Lumalaking populasyon. Bakit sa tingin mo isa ito sa naging dahilan ng pananakop at pangagalugad?

Sir, dahil po tumaas ang pangangailangan ng isang bansa sa pagkain, damit at mga kalakal. Kaya po isa ito sa naging dahilan.

Magaling!

Dahil sa katahimikan at kasagabahan ng isang bansa ito ay nagresulta ng pagtaas ng populasyon. Sa pagtaas nito tumaas din ang pangangailangan sa pagkain, damit at iba pang kagamitan. Ito ay nag-udyok sa kanila na manggalugad.

Makikibasa ng pangalawa at ibigay mo ang iyong ideya, Mag-aaral I.

Pangalawa, Pangangailangan ng Produkto mula sa Silangan. Isa ito sa naging dahilan, dahil ang mga

Europeo ay nangangailangan ng kalakal na nagmumula sa Silangan. Dahil sa matinding pangangailangan kinailangan nilang manggalugad ng makarating mula doon.

Magaling!

Isa ito sa naging dahilan, dahil ang asya ay isa sa pinakamalaking napagkukunan nila ng kanilang mga pangangailangan. Kaya ginusto nilang makarating sa silangan.

Makikibasa ng pangatlo at ibigay mo ang iyong ideya, Mag-aaral J.

Pangatlo, Ang paglalakbay ni Marco Polo. Isa ito sa naging dahilan ng pananakop at paggagalugad, dahil sa kanyang sulatin na pumukaw sa interes ng nga Europeo.

Magaling!

Si Marco Polo ay nagsulat tungkol sa lupain sa Silangan na punong puno ng kayamanan. Kaya napukaw nya ang interes ng mga Europeo.

Makikibasa ng pang apat at ibagay mo ang iyong ideya, Mag-aaral K.

Pang-apat, Mga tuklas sa Paglalakbay. Sir, Nang dahil sa kanilang mga tuklas sa nabigasyon naging malakas ang loob nilang manggalugad.

Magaling! Mag-aaral K.

Tama, nang dahil sa kanilang mga imbensyon mas naging interesado silang manggalugad.

Ano namam ang pang-lima at ibigay mo ang iyong ideya, Mag-aaral L.

Pang-lima, Ang pagnanais na ikalat ang Kristiyanismo.

Sir, nang dahil sa gusto nilang maikalat ang kristiyanismo, ito ay nagpaalab sa kanilang pagnanasang marating ang iba pang lupain.

Magaling!

Ninais nilang marating ang ibang lupain sa labas ng Europa upang maikalat ang Kristiyanismo.

Mayroon tayong mga pangunahing bansa sa larangan ng Kolonisasyon.



Sa limang bansang nakikita nyo sa ating graphic organizer, aling bansa kaya ang pinaka nanguna sa Kolonisasyon?

Mag-aaral M.

Sir, Portugal po!

Mahusay!

Ang portugal ang unang bansang pumalaot sa kolonisasyon.

Aling bansa naman ang pumangalawa sa Kolonisasyon?

Mag-aaral N.

Espanya Sir.

Magaling!

Ang Espanya ay pumapangalawa sa Portugal pagdating sa Kolonisasyon. Sinundan ito ng France, Britain at Netherlands.


Ano sa tingin mo ang naging magandang epekto ng Imperyalismo at Kolonyalismo, Mag-aaral O?

Para po sa akin ang naging magandang epekto ng kolonyalismo ay nalaman po natin ang tunay na heograpiya ng mundo.

Mahusay! Mag-aaral O.

Isa yan sa masasabi kong naging magandang epekto ng Kolonyalismo.

Narito ang ilan sa naging magandang epekto ng Kolonyalismo at Imperyalismo.



1. Nakilala ang iba't ibang produkto.
2. Lumawak ang kaalaman sa Heograpiya.
3. Lumawak ang kalakalan.

Pero meron ding mga negatibong epekto ng Kolonyalismo at Imperyalismo. Maaari kabang magbigay ng isa Mag-aaral P?

Magaling!

Hindi lang yan! Tumaas rin ang kalakalan ng mga alipin. Ang mga aliping ito ay huli sa ibang pangkat ng African. Ginagamit nila ang aliping ito sa pagtatayo ng mga tahanan at pagtanim sa mga malalawak na plantasyon at sa mga minahan.

3. Abstraksyon

Maaari mobang ipaliwanag kung ano ang Kolonyalismo Mag-aaral Q?

Mahusay!

Kung sila ay nagtatag ng isang permanenteng paninirahan sa isang dayuhang lupain, ano ang posibleng mangyare Mag-aaral R?

Magaling!

Sa pag-angkin ng mga Europeo sa isang dayuhang lupain at pagkuha sa mga yaman nito, ano ang magiging epekto nito sa kanila Mag-aaral S?

Magaling!

Kapag naging mas makapangyarihan ang isang bansa, ano sa tingin mo ang magiging epekto nito sa iba Mag-aaral T?

Mahusay!

Maraming salamat sa mga sumagot.

Sa tingin mo maaari pa bang magkaroon ng Kolonyalismo sa kasalukuyan Mag-aaral U?

Nang dahil po sa Kolonyalismo at Imperyalismo, naging dahilan ng pagkamatay ng malaking bilang ng populasyon ng daigdig ang dalang sakit ng mga Europeo.

Ito po ay ang pagtatatag ng isang permanenteng tirahan sa isang dayuhang lupain.

Maaari po nilang angkinin ang sinasabing lupain at makuha ang mga yamang meron dito.

Mas magiging kilala po sila at magiging isang mas makapangyarihan o tanyag na bansa.

Maaari po silang matakot o kaya naman makipagkaibigan at sumunod sa gusto ng isang makapangyarihang bansa.

Sir para po sa akin hindi na po.

Bakit kaya hindi na pwedeng magkaroon ng Kolonyalismo sa kasalukuyan Mag-aaral V?

Dahil po mas matalino na po ang mga tao ngayon at bawat bansa ngayon ay may malakas na bansang nagprotekta sa kanila laban sa mga kaaway.

Magaling!

Sa pagiging mas matalino ng tao ngayon, ano ang naging advantage nito Mag-aaral W?

Dahil sa pagiging mas matalino ng tao ngayon, marami ng mga armas/sandata at mga barkong pandigma ang magagamit nila sa pagprotekta sa kanilang bansa.

Magaling!

Atin namang pag-usapan ang nagaganap na alitan sa pagitan ng Pilipinas at Tsina sa usaping teritoryo.

Masasabi mo bang isang uri ng kolonisasyon ang nagaganap sa pagitan ng Tsina at Pilipinas Mag-aaral X?

Opo Sir, kasi po nagkaroon po ng pag-aagawan ng teritoryo ang Pilipinas at Tsina.

Magaling!

Ano ba ang mga pangunahing dahilan kung bakit nagkakaroon ng agawan ng teritoryo Mag-aaral Y?

Sir, siguro dahil po sa mga yamang likas tulad ng langis na matatagpuan sa pinag-aagawang teritoryo.

Magaling!

Ano ba ang kahalagahan ng mga yamang likas na matatagpuan sa pinag-aagawang teritoryo Mag-aaral Z?

Sir, makakatulong po ang mga yamang likas na ito sa pagpapaganda ng ekonomiya ng isang bansa.

Magaling!

Sa tingin nyo papaya ba ang Pilipinas na angkinin ng China ang kalayaan island?

Hindi po, dahil meron po tayong pruweba na ang kalayaan island ay sakop ng Pilipinas.

Tama! Sa hindi pagpayag ng Pilipinas na angkinin ng China ang dapat ay sa atin, ano ang maaaring maging resulta nito?

Kaguluhan na possible pong mauwi sa digmaan.

Magaling!

Kung nagkaroon ng kaguluhan possible bang may ibang bansang maki-alam?

Sir opo, yun pong mga kapartido ng bawat bansa.

Tama!
Salamat sa inyong mga kasagutan.

4. Paglalapat

Hahatiin ko kayo sa tatlong grupo.
Ang first row sa aking kanan at ang last row sa aking kaliwa ay ang Group 1.
Ang first row sa aking kaliwa at ang second row sa aking kanan ay ang Group 2.
Para sa dalawang rows na natitira, kayo ang magiging Group 3.
Maliwanag?

Ngayong kayo ay naka grupo na kailangan nyo ulit pumili ng isang representative ng inyong grupo.

Sa mga napiling representative pumunta kayo dito sa una at bumunot ng inyong magiging gawain.

Maaari na kayong bumalik sa inyong grupo.

Group 1, ano ang inyong gagawin?

Group 2, ano ang inyong gagawin?

Group 3, ano ang inyong nabunot na gawain?

Ito ang inyong mga gagamitin.
Meron lamang kayong 5 minuto para tapusin ang aking pinagagawa.

Maaari na kayong magsimula.

Habang kayo ay may ginagawa. Ito ang magiging batayan ng inyong gawain.

Pagtutulungan	20%
Malinaw na Mensahe	30%
Orihinal	30%
Pagkamalikhain	20%
Total	100%

(Makalipas ang limang minuto)
Ang inyong limang minuto ay tapos na.
Ngayon tingnan natin ang ginawang larawan


Opo Sir.

Ang amin pong gagawin ay “Gumuhit ng larawan patungkol sa Kolonyalismo at Imperyalismo.”

Ang amin pong gagawin ay “Gumawa ng isang slogan patungkol sa Kolonyalismo.”

Ang amin pong nabunot na gawain ay “Gumawa ng isang dula tungkol sa naging epekto ng Kolonyalismo sa pamumuhay ng mga tao.”

ng Group 1.



Ano ang kahulugan ng inyong ginuhit na larawan?

Ito po Sir ay tungkol sa mga Europeong nanakop ng iba't ibang lupain sa buong mundo.

Mahusay!

Napaka ganda ng inyong ginuhit na larawan.

Ngayon tingnan naman natin ang ginawang slogan ng Group 2.

Mga mananakop na kay lupit,

**Daming buhay kanila'y
niligpit.**

Diba dahil po sa mga mananakop nayan, nagkaroon po ng digmaan sa pagitan ng mga katutubo at mga dayuhan. Pinapatay po nila ang mga taong hindi nagpapasakop sa kanila.

Mahusay!

Maganda ang iyong ginawang slogan.

Ngayon tingnan naman natin ang ginawang dula ng Group 3.

(Pinakita ng Group 3 ang kanilang ginawang dula)

Ano ang nais ipakita ng inyong ginawang dula?

Pinapakita po nito na mas nakilala ang mga produkto at lumawak ang kalakalan.

Magaling!

Napaka ganda ng inyong pinakitang dula.

Palakpakan nyo ang inyong mga sarili.

Ang Group 1 ay nakakuha ng ____%.

Ang Group 2 ay nakakuha ng ____%.

Ang Group 3 ay nakakuha ng ____%.

IV. Pagtataya

Panuto: Piliin ang pinaka tamang sagot at isulat ang titik nito sa patlang.

- _____ 1. Ito ay ang pagtatatag ng permanenteng paninirahan sa mga dayuhang lupain.
- Imperyalismo
 - Kolonyalismo
 - Nasyonalismo
 - Terorismo
- _____ 2. Ito ang kahalagahan ng instrumentong Astrolabe.
- Instrumentong gabay sa tamang direksyon.
 - Instrumentong panukat sa mga anggulo ng kinalalagyan ng mga bituin at araw.
 - Isang mapang nagpapakita sa latitude at longhitude ng mga lugar.
 - Isang instrumentong sumusukat sa taas ng araw o bituin.
- _____ 3. Ito ang mga nagging dahilan ng pagkamatay ng malaking bilang ng populasyon sa daigdig.
- Kalamidad
 - Digmaan
 - Sakit na dala ng Europeo
 - Masamang simo'y ng hangin.
- _____ 4. Ito ay mga magagandang epekto ng imperyalismo at kolonyalismo maliban sa _____.
- Lumawak ang heograpiya
 - Lumawak ang kalakalan
 - Tumaas ang kalakalan ng alipin
 - Nakilala ang iba't ibang produkto.
- _____ 5. Ang Portugal ay mas nakilala dahil sila ay _____.
- Nanguna sa kalakalan
 - May mahabang baybayin
 - May kaalamang pandagat
 - Unang bansang pumalaot sa kolonisasyon

SAGOT:

- B
- B
- C
- C
- D

V. Takdang Aralin

Gumawa ng isang postelogan tungkol sa Ikalawang Yugto ng Kolonyalismo at Imperyalismo sa 1/8 illustration board.

COLLEGE OF SCIENCES, TECHNOLOGY AND COMMUNICATIONS, INC.

COLLEGE OF EDUCATION

AY: 2016-2017

EDUC 115- PRINCIPLES OF TEACHING 1

Kayamanan: Kasaysayan ng Mundo

sa

Araling Panlipunan

Baitang 8

PAKSA: Dahilan at Epekto ng Unang Yugto ng Imperyalismo at Kolonyalismo

Isinulit nina:

Galit, Ronald B.

Galit, Ghelyn M.

Galit, Ghezel M.

Babasa, Jermelyn M.

Linasagin, Ana Luisa D.

Bachelor of Secondary Education

Isinulit kay:

G. REINNARD CHRISTIAN G. MERANO

Guro

Pebrero 23, 2017